

9

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 6

Kalakalang Panlabas ng Pilipinas



**Araling Panlipunan– Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Kalakalang Panlabas ng Pilipinas
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rolyn Joyn L. Nomo
Editor: Emma P. Tormis, Nelia S. Lim, Arnel B. Tormis
Tagasuri: Arnold Z. Dinglasa, Arcelita B. Zamoras, Arnel B. Tormis
Tagaguhit: Dennis B. Dompales
Tagalapat: Leomar G. Paracha
Management Team: Ruth S. Fuentes
Eugenio B. Penales
Sonia D. Gonzales
Ma. Liza R. Tabilon
Lilia E. Abello
Evelyn C. Labad

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Araling Panlipunan
Ikaapat na Markahan – Modyul 6
Kalakalang Panlabas ng Pilipinas

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Naging bantog na kasabihan sa mga matatanda ang “matuto kang tumayo sa sarili mong paa,” bagay na naging basehan ng karamihan na dapat matuto sa sarili niyang kayod, sariling pakikibaka at maghanap ng solusyon sa bawat suliranin na kanyang nararanasan. Gaano man tayo katibay sa pagharap ng mga suliraning ito ay hindi rin natin maipagkakaila na may nagtagumpay at may natalo. Gustuhin man natin na tumayo sa sariling paa ay nalulugmok pa rin na parang sasabog na sa bigat ang mga dibdib natin kaya iiyak na lang tayo sa isang tabi o di kaya’y mapag-alaman na lang natin na tayo ay nagkukwento na sa isang kaibigan upang maibsan ang naranasang pait at bigat ng dibdib. Naranasan na ba ninyo ang ganito? Ano ang iyong nararamdaman matapos maibulalas ang problema mo sa inyong kaibigan? Di ba gumaan ang iyong pakiramdam dahil may isang taong nakinig ng iyong kwento at ang mas maganda pa diyan ay nagbigay din siya ng payo? Tunay na maganda at epektibo ang may karamay o kasama sa buhay dahil hindi tayo sanay na nag-iisa, dapat may karamay. Ang sitwasyong ito ay ating maihahantulad sa isang bansa na dapat may karamay at kagrupo upang tutulong sa paglago ng ekonomiya sa bansa. Kapag nagkataon ay aasenso hindi lamang ang ating mga sarili kundi pati na ang ating bansa. Tunghayan natin sa susunod na mga pahina tungkol sa ugnayan ng Pilipinas sa ibang bansa sa larangan ng kalakalan.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nasusuri ang pang-ekonomikong ugnayan at patakarang panlabas na nakatutulong sa Pilipinas.



Subukin

Panuto: Basahin at unawain ang mga tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang dahilan kung bakit nagkaroon ng interes ang mga mananakop na palawigin ang pangangalakal?
 - A. malaki ang populasyong ng Pilipinas
 - B. mayaman ang Pilipinas sa maraming produkto
 - C. malawak ang lupain ng ating bansa kaya malaki ang populasyon
 - D. madaling kontrolin at kumbinsihin ang mga mamamayan na tangkilikin ang kanilang produkto
2. Ang mga produkto tulad ng bigas, mais, gulay, at mga prutas, ay napapabilang sa anong produkto?
 - A. produktong pinansiyal
 - B. produktong agrikultural
 - C. produktong nasa pagmimina
 - D. produktong pan-teknolohiya
3. Ano ang tawag sa pagpapalitan ng mga produkto at serbisyo ng mga bansa?
 - A. export
 - B. opportunity cost
 - C. kalakalang panloob
 - D. kalakalang panlabas
4. Ano ang kabutihang dulot ng WTO sa ekonomiya ng bansa?
 - A. Ito ay nagdudulot ng madaling pakikipag-ugnayan sa kalakalang panlabas.
 - B. Ito ay nagdudulot ng mabilisang pag-unlad sa ating ekonomiya.
 - C. Ito ay nagdudulot ng madaliang paglabas ng bansa at pag-aplay ng trabaho.
 - D. Ito ay nagdudulot sa ating bansa ng maayos na takbo ng sistema ng kalakalang panlabas at nakatutulong upang magkaroon ng mababang taripa o buwis.
5. Ang mga sumusunod ay mga samahang pandaigdigang pang-ekonomiko. Anong samahan ang nagsusulong ng kaunlarang pang ekonomiya sa Asia Pacific?
 - A. World Trade Organization
 - B. World Health Organization
 - C. Asia Pacific Economic- Cooperation
 - D. Association of Southeast Asian Nations

6. Anong pahayag ang tumutugma sa layunin ng ASEAN na isang samahang pandaigdigang pang-ekonomiko?
 - A. Paunlarin at isulong ang malayang kalakalan ng mga bansang kasapi nito.
 - B. Paunlarin at pasayahin ang malayang kalakalan ng mga bansang kasapi nito.
 - C. Palakasin at isulong ang malayang kalakalan ng mga bansang kasapi nito.
 - D. Payamanin at isulong ang malayang kalakalan ng mga bansang kasapi nito.

7. Bilang isang mamamayang Pilipino, may obligasyon din tayong dapat gawin upang makatulong sa pag-abot ng kaunlaran. Bilang isang mag-aaral, ano ang maaari mong gawin upang makatulong sa bansa?
 - A. maging mapagmasid sa mga nangyari sa lipunan
 - B. tangkilikin ang mga produktong gawa ng mga Pilipino
 - C. tangkilikin ang mga produktong nanggaling sa ibang bansa
 - D. maging aktibo sa pakikilahok sa mga proyektong pang-kaunlaran sa paaralan at komunidad

8. Gaano kahalaga ang papel na ginagampanan ng pamahalaan sa sektor ng ekonomiya?
 - A. Ang pamahalaan ang nagtatakda ng buwis.
 - B. Ang pamahalaan ang nangongolekta ng buwis.
 - C. Kumikita ang ating bansa mula sa mga kalakal ng mga mamamayan.
 - D. Ang pamahalaan ang nagpapatupad ng mga patakaran at programa para sa kaayusan ng ating ekonomiya.

9. Ano ang nagsisilbing sukatan ng pandaigdigang gawaing pang-ekonomiya ng isang bansa?
 - A. Balance of Payment
 - B. Balance of Trade
 - C. Absolute Advantage
 - D. Comparative Advantage

10. Anong programa ang nagsusulong ng pag-alis ng taripa o quota upang mapadali ang daloy sa pagpasok ng mga produkto sa mga bansang kasapi nito?
 - A. ASEAN Free Trade Area
 - B. World Trade Organization
 - C. Common Effective Preferential Tariff
 - D. Asia Pacific Economic Cooperation

Aralin

1

Kalakalang Panlabas ng Pilipinas



Balikan

Napag-aralan mo na ang tungkol sa Impormal na Sektor, upang masubok ang iyong pang-unawa, magbigay ng limang kabutihan at di-kabutihang dulot ng impormal na sektor sa ating ekonomiya. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel. Gayahin ang pormat.


Kabutihan ng Impormal na Sektor	Di-Kabutihang dulot ng Impormal na Sektor



Tuklasin























Gawain 1: Pangalanan mo Ako!

Panuto: Sa ibaba ay mapa ng mga bansang kabilang sa ASEAN. Ibigay ang mga pangalan ng bawat bansa, ayon sa mapa nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



GAWAIN 2: Kilalanin Mo Ako!

Sa hanay A ay mga larawan ng mga produkto sa iba't ibang bansa, kilalanin ang mga ito sa pamamagitan ng pagkonekta nito sa hanay B ayon sa kanilang watawat

Hanay A	Hanay B
 Dried Mangoes	           
 Batik	
 Cashew Nuts	
 Sarong	
 Tiger Balm	
 Palm Sugar	
 Conical Hat	
 Petroleum	
 Champasak Coffee	
 Pathéin Umbrella	

Panuto: Sagutin ang mga tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Mula sa mga larawan sa itaas, piliin kung alin diyan ang ngayon mo lang nakita.
2. Mayroon ka bang mga salita na palagi mong nakikita o di kaya'y naririnig?
3. Kung ikaw ang tatanungin, anong dahilan at nakita natin sila dito? Ano kaya ang kahalagahan nito sa isa't isa?

Halimbawa kung mayron man, ano kaya ito at bakit?



Suriin

Basahin at suriin ang teksto.

ANG KONSEPTO NG KALAKALANG PANLABAS

May mga produkto at serbisyong hindi kayang matugunan sa loob ng lokal na pamilihan ng isang bansa kaya't naganap ang kalakalang panlabas sa mga bansa. Ang kalakalang panlabas ay tumutukoy sa pagpapalitan ng mga produkto at serbisyo ng mga bansang ito. Layunin nito na matugunan ang mga pangangailangan at ugnayan ng mga bansa dulot sa kakapusan ng likas na yaman nito. Nagaganap ang ganitong ugnayan ng mga bansa dulot ng kakapusan sa likas na yaman at iba pang salik upang maisagawa ang produksiyon. Halimbawa, ang ating bansa ay sagana sa mga produktong agrikultural gaya ng bigas, mais, gulay, at mga prutas subalit salat naman tayo sa produktong langis at petrolyo kung kaya't tayo ay umaasa sa produksiyon ng ibang bansa. Ang ganitong sitwasyon ang nagbibigay batayan kung bakit umiiral ang kalakalang panlabas.

Kung ating balikan ang kasaysayan noon ay nagsimula ng magkaroon ng kalakalang panlabas ang Pilipinas, ito ay ang pagkaroon ng pagbabarter ng produkto mula sa ibang lahi na sumakop sa ating bansa. Sa ilalim ng sistemang barter, ang batayan ng pagpapalitan ng kalakal o produkto ay nakabatay ayon sa kung ano ang pangangailangan at kagustuhan ng isang bansa.

Nagkaroon na ng interes ang mga mananakop na palawigin ang pangangalakal dahil mayaman ang Pilipinas sa maraming produkto. Kaalinsabay ng pagbabago ng panahon at pag-unlad ng disiplina ng pag-aaral ng ekonomiks ay sumibol ang iba't ibang teorya o pananaw ng mga ekonomista tungkol sa kalakalang panlabas. Ang **absolute advantage** at **comparative advantage theory** ang nagiging basehan ng mga bansa para sumali sa pandaigdigang kalakalan. Ang export ay ang tawag sa mga produktong iluluwas patungo sa ibang bansa habang ang import ay ang pagpasok ng iba't ibang produkto at serbisyo mula sa ibang bansa.

Ang **absolute advantage** ay nagsasaad na ang isang bansa na makalikha ng maraming bilang ng produkto gamit ang kaunting sangkap ng produksiyon at sa mas mababang halaga ng mga salik nito kumpara sa isang bansa. Magiging malinaw sa atin kung ano ang tinutukoy ko gamit ang tsart na ito.

Bansa	Bilang ng sakong bigas
A	500
B	110

Ayon sa tsart, ito ay nagsasaad na may lubos o ganap na kalamangan ang bansang A sa paglikha ng produkto o serbisyo kumpara sa bansang B, at ito ay may kakayahang lumikha ng produkto mula sa kaunting sangkap at mababang halaga ng salik ng produksiyon. Samakatuwid, ang pagiging produktibo ng isang bansa ang siyang magsasabi na kung gaano karami ang maaaring magawang produkto.

Comparative advantage naman kapag ang isang bansa ay kayang gumawa ng isang produkto o serbisyo nang mas episyente kompara sa ibang uri ng produkto o serbisyo sa larangan ng kanyang paghahambing sa ibang bansa. Tunghayan ang tsart sa ibaba.

Bansa	Sasakyan	Bigas
Japan	100	70
Pilipinas	60	100


Ayon sa tsart ang bansang Pilipinas at Japan ay maaaring parehong makagawa ng sasakyan, ngunit ang Japan ay maaaring makagawa ng mga kotse sa palakasan na may mataas na kalidad at sa isang mabilis na rate na may mas malaking kita. Kung gayon ang Japan ay sinasabing magkaroon ng isang ganap na kalamangan sa partikular na industriya. Sa halimbawang ito ang Pilipinas ay maaaring mas mahusay sa ibang industriya tulad ng agrikultural na produkto, na kung saan ay mas mataas ang kanyang produksiyon sa bigas.

Ang Kalakalang Panlabas ng Bansa

Ang **Balance of Payment o BOP** ang siyang sinusuri tungkol sa kalakalang panlabas ng isang bansa. Dito makikita ang lahat ng mga talaan ng transaksyon ng isang bansa sa iba't ibang sulok ng mundo. Ito kase ang basehan ng pandaigdigang ekonomiya. **Export** ay ang tawag sa mga produktong iniluwas ng bansa. **Import** naman ang tawag sa produktong aangat ng bansa mula sa ibang dako ng daigdig. Ang **Balance of Trade** ay makukuha lamang sa pamamagitan ng pagbawas ng halaga ng kalakal na inaangkat sa halaga ng kalakal na iniluluwas.


Ang mga data sa ibaba ay hango sa bagong ulat ng *Philippine Statistics Authority* na iniulat ni Dennis S. Mapa, Ph.D. Undersecretary ng National Statistician and Civil Register General. Sa pigura 11, ay nagpapakita ng mga bansa kung saan ay umaangkat tayo ng mga produkto sa ibang bansa, samantala sa pigura 5 ay nagpapakita ng mga bansang ka-partner natin sa larangan ng pagluluwas ng ating mga produkto.

Figure 11. Philippine Imports by Major Partner Country January 2021^p



1/ - includes Okinawa
2/ - includes Alaska and Hawaii
3/ - includes Sabah and Sarawak
p - preliminary
Source: Philippine Statistics Authority


Figure 5. Philippine Exports by Major Partner Country January 2021^p



1/ - includes Alaska and Hawaii
2/ - includes Okinawa
p - preliminary
Source: Philippine Statistics Authority


Kadalasan sa mga produktong iniangkat ng ating bansa ay pinangungunahan ng mga *electronic products*, sinundan ng *mineral fuels, lubricants and related materials, transport equipments, industrial machinery and equipment at iron and steel* na parehong bumaba ang pag-angkat sa taong 2021 ayon sa pigura 9. Sa pigura 3 naman ay nagpapakita ng mga produktong iniluluwas ng bansang Pilipinas mula January 2020 hangang January 2021.

Figure 9. Philippine Top Five Imports by Commodity Group, January 2020^r and January 2021^p



^r - revised, ^p - preliminary
Source: Philippine Statistics Authority

Figure 3. Philippine Top Five Exports by Commodity Group January 2020^r and January 2021^p



1/ - consists only of electrical wiring harness for motor vehicles
^r - revised, ^p - preliminary
Source: Philippine Statistics Authority

Ang pagkakaroon ng ugnayan ng mga bansa sa daigdig ay mas higit na pinagbubuti sa pamamagitan ng kalakalang panlabas. Ito ay nagsisilbing pamamaraan upang ang bawat bansa ay magkakaroon ng ugnayang international kasabay ng mabilisang pagbabago sa lahat ng aspeto ng pamumuhay ng tao. Kaugnay nito, sa kasalukuyang panahon, ang pakikipagkalakalan ay higit na ginawang sistematiko. Ito ay naging ganap sa pamamagitan ng pagtatag ng mga samahang pandaigdig o *international organization* na naglalayong palawakin ang ugnayan ng mga bansa sa larangan ng kalakalang panlabas.

Ilan sa mga samahang pandaigdigang pang-ekonomiko na kabilang ang ating bansa ay ang sumusunod:



WORLD TRADE ORGANIZATION (WTO) – ang pandaigdigang samahang ito ay pormal na pinasinayaan at nabuo noong Enero 1, 1995. Ito ang naging kapalit ng *General Agreement of Tariffs and Trade*. Ito ay kilala bilang samahang namamahala sa pandaigdigang patakaran ng sistema ng kalakalan o *global trading system* sa pagitan ng mga kasaping estado o *member states*. Maliban pa rito, ito rin ang siyang nagbibigay ng solusyon sa mga problema, usapin, sigalot, o pagtatalo ng mga kasaping estado. Sa kasalukuyan ito ay binubuo ng 160 kasapi. Ang pangunahing misyon ng *World Trade Organization* ay ang sumusunod:

- Pagsusulong ng isang maayos at malayang kalakalan sa pamamagitan ng pagpapababa sa mga hadlang sa kalakalan (*trade barriers*);
- Pagkakaloob ng mga plataporma para sa negosasyon at nakahandang magbigay tulong – teknikal at pagsasanay para sa mga papaunlad na bansa (*developing countries*);

- Mamagitan sa mga pagtatalo ng mga kasaping bansa kaugnay sa mga patakaran o magpataw ng trade sanction laban sa isang kasaping hindi umaayon sa desisyon o pasya ng samahan.



ASIA PACIFIC ECONOMIC-COOPERATION (APEC) – itinatag ito noong Nobyembre 1989 at ang punong himpilan nito ay matatagpuan sa Singapore. Ito ay may layuning isulong ang kaunlarang pang-ekonomiya at katiwasayan sa rehiyong *Asia-Pacific* kaugnay na rin ng pagpapalakas sa mga bansa at pamayanan nito. Ang samahang ito ay nagsasagawa ng taunang pagpupulong o *economic forum* upang pag-usapan ang iba't ibang isyu partikular na ang kalakalan at pamumuhunan. Ang APEC ay kaiba sa WTO sapagkat walang kasunduan itong pinipilit sa mga kasapi o sa mga *member economy*. Ang desisyon ng samahan sa mga isyu o usapin ay ibinabatay ayon sa *concensus*. Ang bansang Pilipinas ay isa sa mga orihinal na kasapi nito.

Ayon sa aklat na “Ekonomiks; Konsepto at Aplikasyon” nina Baliatao, et al, ang samahang ito ay mayroong tinatawag na *Three Pillars* na siyang sinusunod ng mga kasapi.

- Liberalisasyon ng pakikipagkalakalan at pamumuhunan – ito ay nakapokus sa pagpapalawak ng pamabansang pamilihan.
- Pagpapabilis at pagpapadali ng pagnenegosyo – sa pamamagitan ng itatayong imprastrakturang kailangan sa pagnenegosyo at mga kapital o puhunang ilalaan sa operasyon.
- Pagtutulungang pang – ekonomiya at teknikal – ito ay may layuning maglunsad ng mga pagsasanay upang malinang, mapahusay, at mapalawig ang kaalamang teknikal ng lahat ng kasaping bansa.



ASSOCIATION OF SOUTHEAST ASIAN NATIONS (ASEAN) – nagsimula ang asosasyong ito (ASEAN) noong August 8, 1967. Ang samahang ito ay naglalayong pagbuklurin at magkaroon ng pagkakaisa ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya at labanan ang komunismo sa Asya at magkaroon ng kaunlarang pang-ekonomiko. Ang punong-himpilan nito ay matatagpuan sa Jakarta, Indonesia. Ito ay nagtatag ng tatlong community na binubuo ng *ASEAN POLITICAL-SECURITY COMMUNITY*, *ASEAN ECONOMIC COMMUNITY* AT *ASEAN SOCIO-CULTURAL COMMUNITY*.


Kung pagbabatayan ang mga programa at patakaran na ippinatutupad ng pamahalaan, ayon sa aklat na Ekonomiks: Mga Konsepto at Aplikasyon nina Balitao, et.al. ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

- Liberalisasyon sa Sektor ng Pagbabangko (R.A. 7721) – ito ay isinasabatas upang mapalawak ang operasyon ng mga dayuhang bangko sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga sangay nito.
 - ❖ **Foreign Trade Service Corps (FTSC)** – ahensiyang naglulunsad ng iba't ibang estratehiyang pamilihan upang lubusang makilala at mapatanyag ang produktong gawa sa sariling bansa. Ang

pangunahing layunin nito ay maglunsad ng kaalaman o impormasyon tungkol sa kalakarang pang negosyo sa bansa at sa imprastraktura at pakinabang na dulot nito sa mga nais mamuhunan o *investors*.

- ❖ **Trade and Industry Information Center (TIIC)** – Ito ang nangangasiwa sa operasyon ng *Bureau Research Center* na nagpapalaganap ng mga datos, statistics, impormasyon tungkol sa ekonomiya, kalakalan, industriya, pamahalaan, at kapakanan ng mga mamimili.
- ❖ **Center for Industrial Competitiveness** – naglulunsad ng mga programang magtataas sa antas o kalidad at produktibidad ng mga manggagawa upang sila ay maging kompetitibo sa pandaigdigang pamilihan ng manggagawa, produkto, at serbisyo.

Tunay nga na ang kalakalang panlabas ay isang gawaing nagdudulot ng iba't ibang epekto sa ating bansa subalit sa kabilang banda hindi natin makakaila na ang sistemang ito ay isang kaganapang hindi natin maiwasan higit sa lahat sa kasalukuyang panahon na isinusulong ang pagkakaroon ng ugnayan ng mga bansa sa daigdig sa pamamagitan ng globalisasyon.



Pagyamanin

Gawain 1: NOON at NGAYON

Panuto: Punan ng sagot na hinihingi sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Pagkatapos sagutin ang mga kasunod na katanungan.

Ibigay ang mga samahang pandaigdigang pang-ekonomiko	Isinasaad o Nilalaman	Kahalagahan

Sagutin ang gabay na tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Batay sa iyong sagot bakit kinakailangang ang pamahalaan ay magpatupad ng mga batas, patakaran, o programang may kaugnayan sa kalakalang panlabas?
2. Bilang isang mag-aaral sa makabagong henerasyon, gaano kahalaga ang papel ng pamahalaan sa larangan ng kalakalan?




Isaisip

Gawain 2. Sa Antas ng Iyong Pang-unawa

Panuto: Batay sa iyong naintindihan sa tekstong iyong nabasa, sagutin ang mga sumusunod na pahayag o katanungang nasa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang tawag sa sistema ng pagpapalitan ng mga produkto at serbisyo ng mga bansa sa daigdig.
2. Siya ang may panukala sa teoryang *absolute* at *comparative advantage*.
3. Ang tawag sa batayan ng transaksyon ng pakikipag-ugnayan ng isang bansa sa larangan ng kalakalang pandaigdig.
4. Ito ay tumutukoy sa pagpapalitan ng mga produkto at serbisyo ng mga bansa, pangunahing layunin nito ay matugunan ang mga pangangailangan ng bawat bansa.
5. Ang samahan ng mga bansa sa Asya Pasipiko na naglalayong isulong ang kaunlaran pang-ekonomiya ng mga kasaping bansa sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kalakalan.



Isagawa

Gawain 3. Mapa ng Produkto (*Photo Bucket*)

Gamit ang bond paper iguhit ang mapa ng bansang Pilipinas. Magsaliksik ng mga *unique local products* ng ating bansa, at idikit ang mga larawan ng mga napili ninyong produkto sa loob ng mapa na inyong iginuhit ayon sa kung saang bahagi ng bansa nanggaling ang nasabing produkto, punuin ang mapa ng mga larawan.

Gumawa ng *Commercial Campaign* ng mga nasabing produkto na nagpapahayag ng makabuluhang impormasyon para makilala ito sa buong mundo.

Gawin ang commercial campaign sa pamamaraan ng pagkanta, pagrap, jingle at tula. E-record ito at ipasa sa guro.

Rubric para sa Photo Bucket			
Pamantayan	Deskripsiyon	Puntos	Nakuhang Puntos
Nilalaman/ Larawan	Puno ng mga angkop na nilalaman/larawan ang makikita sa loob ng photo bucket	8	
Paliwanag	Mahusay at malinis ang naiguhit na mapa at ang mga nakapaloob na larawan sa photo bucket	7	
Pagkamalikhain	Malikhain ang pagka disenyo. Mahusay ang kombinasyon ng kulay at pagsasaayos ng mga larawan	5	
	Kabuuan	20	



Tayahin

Panuto: Isulat ang titik ng pinakatamang sagot sa sagutang papel.

- Anong programa ang nagsusulong nang pag-alis ng taripa o quota upang mapadali ang daloy sa pagpasok ng mga produkto sa mga bansang kasapi nito?
 - Common Effective Preferential Tariff
 - Community Enhancement Program Tariff
 - Common Elaboration Program Tariff
 - Collaborative Effective Preferential Tariff
- Paano malalaman ang balance of trade ng isang bansa?
 - Ang *balance of trade* (BOT) ay makukuha sa pamamagitan ng pagbabawas ng halaga ng kalakal na inangkat sa halaga ng kalakal na iniluluwas.

- B. Ang *balance of trade* (BOT) ay makukuha kapag mataas ang iniluluwas na produkto kaysa inaangkat.
 - C. Ang *balance of trade* (BOT) ay makukuha kapag mataas ang iniangkat na produkto kaysa iniluluwas.
 - D. Ang *balance of trade* (BOT) ay makukuha kapag pareho ang daming iniluluwas at inaangkat na produkto.
3. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng positibong epekto ng kalakalang panlabas?
- A. Ang mga mamamayan ay nagkakaroon ng pag-uugaling mas tinatangkilik nila ang mga produktong banyaga kaysa sa mga produktong lokal.
 - B. Nasisiyahan ang mga mamamayan dahil nagkakaroon na sila ng mga gamit na galing sa ibang bansa na umaayon sa kanilang kagustuhan.
 - C. Dumarami ang mga uri ng produkto o serbisyong maaaring pamilyan o tangkilikin ng mga tao upang matugunan ang kanilang pangangailangan at kagustuhan.
 - D. Maaaring palaasa ang mga mamamayan sa produktong banyaga at humihina ang mga lokal na produkto sa isang bansa.
4. Ang bansang Pilipinas ay sagana sa mga produktong agrikultural gaya ng mais, gulay, at mga prutas, subalit salat naman sa mga produktong langis at petrolyo, kung kaya't umaasa tayo sa produksiyon sa ibang bansa. Anong sistemang kalakalan ang ipinapahiwatig ng sitwasyon?
- A. market trading
 - B. kalakalang panlabas
 - C. free enterprise system
 - D. liberasyon ng pakikipagkalakalan
5. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng kalakalang panlabas sa paglago ng ekonomiya ng bawat bansa. Alin sa sumusunod na pangungusap ang nagpapakita ng epektibong ugnayan ng mga bansa?
- A. Bawat bansa ay nagkakaroon ng mga produktong panluwas
 - B. Bawat bansa ay nagkakaroon ng mga produktong inaangkat.
 - C. Ang mga bansang kasali ay nagpapalitan ng kanilang mga produkto.
 - D. Bawat bansa ay nagkakaroon ng mga produktong inaangkat. Ito ay nagsisilbing pamamaraan upang ang bawat bansa ay magkaroon ng ugnayang internasyonal kasabay ng mabilisang pagbabago sa lahat ng aspekto ng pamumuhay ng tao.
6. Aling pahayag ang nagsaad ng *Absolute Advantage*?
- A. Ang isang bansa ay dapat damihan ang mga iniluluwas na produkto.
 - B. Ang isang bansa ay dapat mas efficient sa paglikha ng produkto at serbisyo.

- C. Ang isang bansa ay dapat damihan ang mga iniluluwas na produkto.
 - D. Ang isang bansa na makalikha ng maraming bilang ng produkto gamit ang kaunting sangkap ng produksiyon at sa mas mababang halaga ng mga salik nito kumpara sa isang bansa dapat pagbutihin at damihan ang mga produktong iniangkat at iniluluwas.
7. Bakit mahalaga ang papel na ginagampanan ng samahang pandaigdigang pang-ekonomiko?
- A. Dahil layunin nitong sumigla ang kalakalang pandaigdig.
 - B. Dahil layunin ng bawat bansa na makilala ang kanilang mga lokal na produkto.
 - C. Dahil layunin nitong magkakilala ang mga namumunuan at mangangalakal bawat bansa.
 - D. Dahil pareho sila ng mga layunin na naglalayong palawakin ang ugnayan ng mga bansa sa larangan ng kalakalang panlabas.
8. Alin sa mga sumusunod ang pinaka akma dahil ng pakikipagkalakalan ng mga bansa sa daigdig?
- A. Abot-kamay na ang angkat na produkto sa lokal na pamilihan.
 - B. Ang patuloy na paglawak ng mga korporasyong transnasyonal.
 - C. Ang mas malayang pagdaloy ng puhunan at kalakal sa mga bansa.
 - D. Maipagmalaki ang kanilang produkto sa pandaigdigang pamilihan.
9. Ang mga bansa ay nakinabang sa isa't isa ayon sa konsepto ng comparative advantage. Alin sa sumusunod na paraan sila makikinabang?
- A. sabwatan at kartel
 - B. trade embargo at quota
 - C. kasunduang multilateral
 - D. espesyalisasyon at kalakalan
10. Alin ang kinikilala na namamahala sa pandaigdigang patakaran ng sistema ng kalakalan o global trading system sa pagitan ng mga kasaping estado o member state.
- A. Association of Southeast Asian Nations
 - B. Asia Pacific Economic - Cooperation
 - C. World Trade Organization
 - D. ASEAN Free Trade Area




Karagdagang Gawain

Gawain 4. *Reflection Ko!*

Panuto: Pag-isipan nang malalim ang sumusunod at tapusin ang pangungusap. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Wala akong nakikitang masama sa pagbili ng mga banyagang produkto, subalit mas pipiliin ko ang _____

2. Bilang isang mag-aaral sa makabagong panahon, makatutulong ako sa ekonomiya ng aking bansa. Hihikayatin ko ang aking mga kaibigan at pamilya na _____



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. B
2. A
3. A
4. B
5. B
6. D
7. D
8. B
9. C
10. B

Subukin

1. A
2. B
3. A
4. C
5. B
6. A
7. D
8. C
9. C
10. B

Isaisip

1. Barter
2. Adam Smith
3. Balance of Payment
4. Kalakalang Panlabas
5. Asia Pacific Economic - Cooperation

Sanggunian

EKONOMIKS – IKASIYAM NA BAITANG

Yunit 4 –Mga Sektor ng Ekonomiya at mga Patakarang Pang-Ekonomiya
Nito.

Unang Edisyon 2015

Highlights of the Philippine Export and Import Statistics January 2021
Preliminary) | Philippine Statistics Authority (psa.gov.ph)

map of asean countries - Google Search

asian countries and its top products - Google Search

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph